**INTERNATIONAL NAPASA ( April 29, 2025 )**

## 1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa April 29 (Tuesday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***AVISPA FUKUOKA*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa May 7 (Tuesday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***SANFRECCE HIROSHIMA*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)PAGLILIMBAG NG 2025~26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN

生活ガイドブック２０２３～24版発行のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ay nailimbag na ang ***2025～26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN*** na may mga nakalathalang iba'-ibang inpormasyon tulad ng ***PAG-IWAS SA SAKUNA, PARA SA KAPAKANAN, PAGPAPALAKI NG MGA BATA, SIGHTSEEING, SPORTS*** at iba pa. Ang ***GUIDE BOOK*** na ito ay makukuha sa General Information sa 1$^{st}$ floor ng Hiratsuka City Office at sa mga ***KOMINKAN (COMMUNITY CENTER)*** ng bawat distrito. Kung mayroong katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***PUBLIC RELATIONS DIVISION (KOUHO KA)*** Telephone No. **0463-21-8761 (0463-21-8761).**

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAGO NG PATAKARAN SA PAGBIBISIKLETA

自転車の運転規則変更マナーについて

Mula November 1, 2024 ang patakaran sa oras ng pagbibisikleta ay magiging mahigpit na.

**ANG MGA SUMUSUNOD NA PAGLABAG AY PAPATAWAN NG PARUSANG MULTA O PAGKABILANGGO:**

1. Paggamit ng mobile phone habang nagbibisikleta.
2. Pakikipag-usap gamit ang mobile phone habang nagbibisikleta.
3. Pagbibisikleta matapos maka-inom ng alak.

At paglabag din sa batas ang pagpapahiram ng bisikleta sa taong nakainom ng alak at magbisikleta.

## 5)UKOL SA PAG-PROSESO NG WALANG MGA PAPEL NADOKUMENTO SA

市役所での手続きのペーパレス化についてのお知らせ

Mula noong February 4 ay nagsimula na ang bagong sistema sa Hiratsuka City Office na tinatawag "Non-Writing Counter". Ang "Non-Writing Counter na ito ay sistema na halimbawa ay magpo-proseso ng Residence Certificates ay hindi na kinakailangan pang magsulat ng application form, sa halip ay derestong sabihin sa staff na nasa counter ang mga kinakailangang impormasyon, matapos mai-tala sa computer ang mga kinakailangang impormasyon ay tapos na rin ang iyong pagproseso. Subalit hindi lahat ng mga gustong i-proseso ay maaari dito sa "Non-Writing Counter". Ang mga listahan ng mga serbisyo na sakop nito ay makikita sa Website ng Hiratsuka City Office. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***DIGITAL PROMOTION DIVISION (DEIJITARU SUISHIN KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-20-8804 (0463-20-8804).**